1

Hacienda Ibarra, Ilocos Norte…

Malaki ang ngiti ni Miguel Ibarra nang bumaba siya mula sa ikalawang palapag ng mansyon na tinitirhan nilang dalawa ng kanyang kuya sa *Hacienda Ibarra*. Naririnig niya ang masayang tinig nito na may kausap sa living room. Tinig ng lolo niya ang sumagot, at ng isa pang lalaki. Mabilis na naglakad siya at masayang tumawa nang makita ang abuelo niyang si Don Crisostomo Ibarra. Nasa likod nito ang kanyang pinsan na si Dominic at ang asawa nito na si Minerva.

"Lolo!" tawag niya bago mabilis na nilapitan ang abuelo at niyakap ito. Binalingan niya naman ang pinsan at niyakap din ito, bago humalik sa pisngi ng asawa nito. "Surprise visit 'to, ah!" masaya niyang bati.

"Gusto kasing makita ni Mios ang hacienda," sagot ni Dom na nakangisi. Sinulyapan nito ang babaeng katabi bago kinuha ang kamay nito. "Gusto kasi niyang dito ikasal."

Namimilog ang mga matang pinagmasdan ni Miguel ang nakangiting pinsan. Ilang buwan pa lang kasal sa huwes ang dalawa. Masasabing arranged marriage ang pagsasama ng mga ito. Kinailangan ni Mios ng tulong pinansyal mula sa pamilya ni Dom para maitaguyod ang hotel na pagmamay-ari ng pamilya

nito, at kailangan naman ng pinsan niya ng mapapangasawa kung gusto nitong makuha ang mana nitong mga hotels mula sa kanilang lolo. Plano ito lahat ng tuso at pilyo nilang abuelo na sa kasalukuyan ay malaki at mayabang ang ngiti.

Parang aso't pusa sina Dom at Mios noong unang nagkakilala, pero sa huli ay na-in love ang dalawa sa isa't isa. Ngayon pala ay may balak nang magpakasal sa simbahan ang pareha.

"Dati ayaw mong magpakasal sa simbahan, ah," biro ni Miguel kay Mios.

Nag-blush ang babae bago sumandal sa tagiliran ng asawa. "Kasi naman malaking kasinungalingan kung magpakasal kami sa simbahan noon, eh. Baka tamaan kami ng kidlat ni Dom," tawa nito bago tiningala ang katabi. "Ngayon hindi na."

Tumawa siya bago kinamayan ang pinsan. "Congrats, Kuya Dom," bati niya.

"Kumain muna tayo," sabi ng kuya ni Miguel na si Anton. "Hindi kasi kayo nagsabi, hindi tuloy kayo nasundo sa airport."

"Paano magiging sorpresa kung alam ninyong dadating kami?" tanong ni Don Crisostomo na nauna nang tinungo ang dining room ng mansyon.

Sa hapag-kainan, pinanood lamang ni Miguel ang mag-

asawa habang nag-uusap naman si Anton at ang kanilang lolo. Pinagsisilbihan ni Mios si Dom habang pinagtitimpla naman ng kape ng pinsan niya ang asawa. Naghahagikgikan ang dalawa, nagbubulungan. Kunwari ay hindi niya pinapansin ang mga ito at nag-co-concentrate sa pagkain ng longganisa na nasa pinggan sa harapan niya, pero pinipilit niyang hindi mangiti.

Natutuwa siya sa dalawa, at, oo, hindi siya magsisinungaling, medyo naiinggit. Sa kanilang tatlong magpipinsan, siya ang bunso sa edad na twenty-six. Nagtatrabaho siya bilang accountant sa department store na pagmamay-ari ng pamilya nila, pagmamay-ari niya sa oras na pumanaw ang kanyang lolo na sana ay matagal na panahon pa nilang makakasama.

Masaya siya bilang simpleng accountant sa kasalukuyan, pero siyempre, iniisip na rin niya kung paano patatakbuhin ang department store kapag wala na ang kanilang lolo. Kailangan niyang alagaan ang pamana niyang iyon. Iyon na lamang ang iniwan sa kanya ng mga magulang.

Matangkad si Miguel. Halos lampas six feet na ang kanyang taas tulad ng karamihan sa kalalakihan ng pamilya Ibarra. At tulad din ng mga ito, guwapo siya. Matangos ang kanyang ilong na utang niya sa mga ninunong Kastila. Medyo singkitin ang mga mata, manipis ang mga labi. Maiksi rin ang buhok na bahagyang kumukulot at maayos ang gupit.

Sa kanilang tatlo, siya din ang masasabing pinaka-romantic. Oo nga't lahat sila ay habulin ng babae, pero siya na ang pinaka-

sweet sa kanila. Wala siyang problema sa pagpapasagot ng mga babaeng gusto niya, pero hindi niya inabuso iyon. Hindi tulad ng kanyang reformed chickboy na Kuya Dom, nakakatatlong girlfriend pa lang siya at lahat ng relasyon na iyon ay seryoso at tumagal ng hindi kukulangin ng tatlong taon ang bawat isa.

Kaya hindi rin niya lubos-maisip kung ano bang mali sa kanya, o kung mayroon bang kulang. Dahil kahit mabait siya, hindi rin siya ang pinapakasalan ng mga nagiging girlfriends niya. Naunahan pa siyang mag-asawa ni Dom na noong bata sila ay nagsabing hindi mag-aasawa.

Gusto niyang ma-in love. Handa na siyang magkaroon ng seryosong girlfriend na maaaring makatuluyan niya. Handa na siyang mag-asawa.

"Ang lalim ng iniisip mo, ah," tukso ni Dom at mabilis na nag-angat ng ulo si Miguel. Nakangisi ito sa kanya at ngumiti na rin siya.

"Iniisip ko lang kung s'an ko dadalhin si Mios mamaya," kindat niya sa asawa nito. "Mag-date tayo mamaya, ha. Iwan natin si Kuya Dom."

Bago pa makareklamo si Dom sa tinuran na iyon ng mas nakababatang pinsan, si Lolo Crisostomo na ang nagsalita. "Oo nga, Dom. Hayaan mo na munang ipasyal ni Miguel si Mios. Samahan mo ako mamaya."

Tuwing nasa Ilocos ang matanda, designated driver nito si

Miguel dahil madali siyang makakuha ng bakasyon sa opisina, lalo pa't ito naman ang may-ari ng kompanya. Si Anton kasi ay abogado at madalas nasa korte o may naka-schedule na client meeting kaya hindi puwedeng basta-basta na lang hindi papasok. Ipinagtaka nilang lahat ang pagbabagong iyon ng plano ni Don Crisostomo. Bakit si Dom ang inaya nitong sumama dito?

"Ah, sige, 'Lo," tango ni Dom habang pinagmamasdan ang abuelo. "Saan tayo pupunta?"

"Dadalawin natin ang isa kong kaibigan," matipid na sagot ng abuelo.

Muli itong tumango bago nagpatuloy sa pagkain.

Nagplano naman si Miguel. Tatawag siya sa sekretarya niya matapos ang agahan para abisuhan ito na hindi muna siya papasok sa darating na Lunes. Magbabakasyon muna siya ng ilang araw o magtatrabaho sa bahay habang naroon sa Laoag ang lolo at ang mga pinsan.